Paksa: *Mga Kahingian ng Pagiging Disipulo*



Mga Pagbasa

* **1 Ha 19:16b.19-21 –** Ang pagtawag kay Eliseo sa pagkapropeta
* **Ga 5:1.13-18 –** Panawagan para sa pangkapatirang pagmamahalan at paggabay ng Espiritu
* **Lu 9:51-62 –** Mga kahingian ng tunay na pagkadisipulo

Paunang Salita

Sa lahat ng pamumuhay o karerang maiisip natin, walang makapapantay sa karangalan ng pagiging disipulo ni Hesukristo o pagiging isa sa mga kapwa niyang nananalig sa parehong pagpapahalaga at pamumuhay. Ngunit walang mahalaga ang madali. Ito ay pinagbabayaran at kapalit ng malaking sakripisyo. Ang pagiging disipulo ni Kristo ay nangangailangan ng pagsasakripisyo ng sarili at kahandaang sumunod sa Guro saanman niya ibigin.

Ang landas na tinatahak ni Hesus ay tunay na patungo sa maraming lugar, sitwasyon, at mga tao. Magkakaroon ng mga saglit ng kagalakan at katuparan, gayundin, ng mga di pagkakaunawaan, pagtanggi, pag-uusig, at pagdurusa ng Getsemane at Kalbaryo. Ngunit sa wakas – bagamat Diyos lamang ang nakaaalam kung kailan ang pagtatapos, lahat ng tapat na disipulo ay tutungo sa kaluwalhatian ng langit. Doon, ang mga disipulo ay magiging kabahagi ng tagumpay ni Hesus gaya ng kanilang pagiging kabahagi sa bawat aspeto ng kanyang buhay sa lupa.

Unang Pagbasa • 1 Ha 19:16b.19-21

Balangkas

* **16b** – Ang tagubilin ng Panginoon kay Elias
* **19** – Ang pagtawag kay Eliseo
* **20-21** – Ang tugon ni Eliseo

Kaligirang Pangkasaysayan

Si Elias ang una at pinakadakila sa mga propetang hindi manunulat. Siya ay nangaral noong unang hati ng ika-9 na siglo B.C., *nang ang kaharian ng Israel ay naakit sa mga kultong pagano ni Jezebel, na asawang dayuhan ni Haring Acab. Gayon na lang ang hirap na tiniis ni Elias sa pagtatanggol sa relihiyon ng Israel laban sa mga huwad na propeta at pagsamba sa mga diyus-diyosan.* (Sangguniin 1 Ha 16:29-19:18.) *Sa pagtatapos ng kanyang pangangaral, ipinagbilin sa kanya ng Panginoong si Eliseo ang hiranging maging kapalit niya.*

Panimula

Inilalarawan ng ating sipi ang pagtawag kay Eliseo sa pagkapropeta at ang pagtugon nito. Tinanggap niya ang paanyaya ng Diyos at tinalikdan ang lahat upang sumunod kay Elias bilang kanyang bagong panginoon at guro.

1 Hari 19:16.19-21

Noong mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon kay Elias: [16] "Pahiran mo
ng langis si Eliseo na anak ni Safat na taga-Abel-mehola, bilang propetang
hahalili sa iyo."
[19] Umalis si Elias at natagpuan niya si Eliseo na nag-aararo. Labindala-
wang pares ng toro ang ginagamit niya, at kaagapay siya ng huling pares.
Pagdaan ni Elias sa tapat ni Eliseo, isinuklob niya rito ang kanyang balabal.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Kung ako'y tawagin para sa lubos na paglilingkod sa Panginoon, ano ang magiging sagot ko?

[20] Pagdaka'y iniwan ni Eliseo ang mga toro, humabol kay Elias at
nakiusap: "Magpapaalam po muna ako sa aking ama't ina, at pagkatapos ay
sasama na ako sa inyo." Sumagot si Elias: "Sige, umuwi ka muna."
[21] Umuwi nga si Eliseo. Nagpatay siya ng isang pares na toro at iniluto.
Ginamit niyang panggatong ang mga pamatok at mga araro. Ipinakain niya ito
sa mga tao, at sumunod kay Elias at naging katulong nito.

2. Sa pagtitimbang ng buti at sama sa pagsunod sa tawag ng Panginoon, nakahihigit ba ang mga bagay na maiiwan ko o ang kabutihang maaari kong gawin?

Ikalawang Pagbasa • Gal 5:1.13-18

Balangkas

* 1 – Panawagang pahalagahan ang kalayaang kaloob sa atin ni Kristo
* 13-15 – Kalayaang Kristiyano at pangkapatirang pagmamahal
* 16-18 – Tunggalian ng pamamatnubay ng Espiritu at kagustuhan ng laman

Kaligirang Pangkasaysayan

(Katulad ng para sa Ika-11 Linggo sa p. 7)

Panimula

Sa sipi para ngayon, nililinaw ng Apostol na ang kalayaang natamo ni Hesus ay hindi lisensiya para magkasala, kundi ang malayang kakayahang tumupad sa kautusang magmahal sa pamamagitan ng lubos na paglilingkod sa kapwa. Ito ang tanging paraan para maging malaya, pagkat "alipin ng pagkakasala ang nagkakasala." (Sangguniin Jn 8:34.)

Galacia 5:1.13-18

Mga kapatid: [1] Pinalaya tayo ni Kristo upang manatiling malaya.
Magpakatatag nga kayo, at huwag nang paaalipin uli!
[13] Mga kapatid, tinawag kayo upang maging malaya. Ngunit huwag
ninyong gamitin ang inyong kalayaan upang masunod ang pita ng laman,
kundi maglingkod kayo sa isa't isa dahil sa pag-ibig. [14] Sapagkat ang
buong Kautusan ay nauuwi sa isang pangungusap, "Ibigin mo ang iyong
kapwa gaya ng iyong sarili." [15] Ngunit kung kayu-kayo'y magkakagatan at
magsasakmalang parang mga hayop, mauubos kayo.
[16] Ito ang sinasabi ko sa inyo: ang Espiritu ang gawin ninyong patnubay
sa inyong buhay at huwag ninyong susundin ang pita ng laman. [17] Sapagkat
ang mga pita ng laman ay laban sa mga ninanasa ng Espiritu, at ang mga
ninanasa ng Espiritu ay laban sa mga pita ng laman. Magkalaban ang
dalawang ito, kaya hindi ninyo magawa ang ibig ninyong gawin. [18] Kung
kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, wala na kayo sa ilalim ng Kautusan.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Ano ang pakahulugan ko sa kalayaan?
2. Paano kong ginagamit ang aking kalayaan?
3. Sa aking buhay, ginagabayan ba ako ng mga udyok ng aking nasugatang pagkatao?

Mabuting Balita • Lu 9:51-62

Balangkas

*** 51** – Panimulang taludtod
*** 52-56** – Tumanggi ang mga Samaritanong tumanggap kay Hesus
*** 57-62** – Mga hamon ng pagkadisipulo

Kaligirang Pangkasaysayan

Nagtapos na ang pangangaral ni Hesus sa Galilea. Sa kanyang pagbabagong-anyo sa Bundok ng Tabor (sangguniin Lu 9:28-31)*, nakipag-usap siya kina Moises at Elias tungkol sa "Exodong kanyang gagawin sa Jerusalem"*(t. 31). *Oras na para tunguhin ni Hesus ang lunsod kung saan magaganap ang kanyang kapalaran.*

Panimula

Nagsimula si Hesus sa "Dakilang Paglalakbay" patungong Jerusalem. (Sangguniin Lu 9:51-18:14.) *Mariing sinasabing nakatuon siya sa Banal na Lunsod* (t. 51). *Sa mainit na*

reaksiyon ng magkapatid na anak ni Zebedeo sa di-magandang pakita ng mga Samaritano natampok ang matagal nang alitan ng mga Samaritano at mga Judio. Sinamantala ito ni Hesus para turuan niyang magpasensiya ang kanyang mga disipulo.

Tungkol sa pagkadisipulo ang Lu 9:57-62. Ang isang disipulo ay dapat tumulad sa halimbawa ni Hesus sa pagiging handa sa ano mang kahirapan (tt. 57-58) *o pagtiwalag sa mga kamag-anak.* (Sangguniin tt. 59-62.)

Lucas 9:51-62

51 Nang nalalapit na ang panahong iaakyat si Hesus sa langit, ipinasiya
niyang pumunta sa Jerusalem.
52 Sinugo niya ang ilan upang mauna sa kanya. Humayo sila at pumasok
sa isang nayon sa Samaria upang ipaghanda siya ng matutuluyan. 53 Ngunit
ayaw siyang tanggapin ng mga Samaritano sapagkat siya'y patungo sa
Jerusalem. 54 Nang makita ito nina Santiago at Juan ay kanilang sinabi,
"Panginoon, payag ba kayong magpababa kami ng apoy mula sa langit
upang pugnawin sila?" 55 Ngunit bumaling siya at pinagsabihan sila. "Hindi
ninyo alam kung anong uri ng espiritu ang sumasainyo," sabi niya, "sapagkat
naparito ang Anak ng Tao, hindi upang ipahamak ang mga tao kundi upang
iligtas sila." 56 At nagtungo sila sa ibang nayon.
57 Samantalang naglalakad sila, may taong nagsabi kay Hesus, "Susunod
po ako sa inyo kahit saan." 58 Sumagot si Hesus, "May lungga ang asong-
gubat at may pugad ang ibon, ngunit ang Anak ng Tao'y wala man lamang
matuluyan o mapagpahingahan."
59 Sinabi ni Hesus sa isa, "Sumunod ka sa akin." Ngunit sumagot ang
tao, "Panginoon, hayaan po muna ninyo akong umuwi upang ipalibing ang
aking ama." 60 Sinabi ni Hesus sa kanya, "Ipaubaya mo na sa mga patay
ang paglilibing ng kanilang mga patay. Ngunit ikaw, humayo ka at ipahayag
mo ang tungkol sa paghahari ng Diyos." 61 Sinabi naman ng isa, "Susunod
po ako sa inyo, Panginoon, ngunit magpapaalam muna ako sa aking mga
kasambahay." 62 Sinabi sa kanya ni Hesus, "Ang sinumang nag-aararo at
palaging lumilingon ay hindi karapat-dapat sa paghahari ng Diyos."

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Tapat ba akong tulad ni Hesus sa pagtupad sa mga ipinagagawa sa akin?
2. Masasabi ko bang tunay akong disipulo ni Hesus?
3. Ano ang nakapipigil sa akin para lalong tapat na sumunod sa kanya?
4. Kung ako'y tawagin sa ganap na paglilingkod, handa ko bang talikdan ang lahat para tugunan ang kanyang tawag?

Sa Ganap na Pag-unawa sa Mensahe

1. Saang lunsod patungo si Hesus?
2. Ano ang ibig gawin nina Santiago at Juan? Bakit? *(Sangguniin t. 54.)* Inayunan ba ni Hesus ang plano nila?
3. Ilan ang mga taong nagpri-sintang maging disipulo ni Hesus? *(Sangguniin tt. 57 at 61.)*
4. Ano ang sinabi ni Hesus sa unang nagprisintang maging disipulo? *(Sangguniin t. 58.)*
5. Ano ang sinabi niya sa ikalawa? *(Sangguniin t. 62.)*

Pagtuklas sa Mensahe

1. Ano ang ibig sabihin ng "nang nalalapit na ang panahong iaakyat si Hesus sa langit"?
2. Bakit nagpasiya si Hesus na magtungo sa Jerusalem sa kabila ng kaalamang siya'y papatayin doon?
3. Ano ang pagkakahawig ng ikalawang bahagi ng Ebanghelyo at ng Unang Pagbasa?

PAGNINILAY

Alam ni Hesus ang katapusang naghihintay sa kanya sa Jerusalem at malinaw na niyang nasabihan ang kanyang mga disipulo. *(Lu 9:44)* Kung sinunod lamang niya ang kanyang natural na hilig, maaari sanang inantala niya ang pagpunta sa Jerusalem hangga't maaari, at sana'y naiwasan ito. At lahat ng kanyang mga disipulo sana'y umayon dito.

Ngunit may iba pang pagpapahalaga si Hesus. Naparito siya sa lupa hindi para sundin ang mga natural na hilig ng tao, kundi para tupdin ang kalooban ng Ama. *(Sangguniin Jn 4:34.)* Alam niyang nais ng Ama ang kaligtasan ng lahat ng tao. Ang sakripisyo ni Kristo ay siyang malaking kabayaran sa paglaya ng lahat ng tao sa pang-aalipin ng kasalanan at pagtamasa ng kaligayahan ng buhay

na walang hanggan. Lahat ng ito'y alam ni Hesus, at sa pagmamahal niya sa Ama at sa atin, lubos niyang tinanggap ang planong ito at "ipinasiya niyang pumunta sa Jerusalem." *(Sangguniin Lu 9:51.)*

Ang gayong katapang na kapasiyahan ay hindi lamang nakagimbal sa mahihina at duwag kundi nakaakit din ng marami sa panghalina ng kabaitan at pagkabukas-palad. Nakaakit sa marami na parang batubalani ang turo at katauhan ni Hesus. "Susunod po ako sa inyo kahit saan," sabi ng ilan. *(Sangguniin Lu 9:57.61.)* Siya mismo'y nag-anyayang sumunod din sa kanya ang iba. *(Sangguniin Lu 9:59.)* Ngunit, maliksi niyang sinasabi sa kanila ang malaking halagang kabayaran ng lahat ng nagkusa o pumayag na sumunod sa kanya. Hindi kukulangin sa lubos na pagtatakwil sa mga karaniwang pinahahalagahan ng mga tao – gaya ng kaginhawahang materiyal, kayamanan, at pamilya *(sangguniin Lu 9:58.60),* kasama ng matatag na kapasiyahang sa kabila ng lahat ng kahirapan at tuksong magbalik sa dati *(sangguniin Lu 9:62)* ay inaasahan sa mga nagnanais "sumunod kay Hesus."

Ang gayong pagkabukas-palad ay tunay na hindi maaasahan sa sinumang hindi nagmamahal kay Kristo at hindi nananalig sa kanya. Pananalig at pagmamahal ang mahalagang kailangan sa isang disipulong nahahanda para sa lahat ng pagsubok.

Ang gayong pagkabukas-palad ay tiyak na tatanggap ng lubos na gantimpala sa langit, ngunit may kagyat din itong gantimpala dito pa man sa buhay na ito: *tunay na kalayaan – kalayaan sa ano mang pagkaalipin (sangguniin (Ga 5:1)* at lalung-lalo na, *kalayaang maglingkod sa Panginoon nang buong katapatan.* Ang mga disipulo ni Kristo ay magtatamo ng parehong kalayaan ng kanilang Panginoon. Sa gayon, sila'y lubos na makikibahagi sa kanyang kapalaran at misyong maglingkod sa iba *(sangguniin Ga 5:13-14)* – isang paglilingkod na maaaring umabot sa pag-aalay ng sariling buhay para sa kanila, dahil sa pag-ibig, at may pagmamahal, gaya ng ginawa ni Hesus.

Sa Linggong Hinaharap

Lunes • Am 2:6-10.13-16 o 2 Tim 2:22b-26 • Mt 8:18-22

Nilapitan siya ng isang eskriba at sinabi sa kanya, "Guro, susunod po ako sa inyo saanman kayo pumaroon." Sumagot si Hesus: "May mga lungga ang mga asong-gubat, at may mga pugad ang mga ibon, ngunit ang Anak ng Tao'y wala man lamang matulugan o mapagpahingahan." (Mt 8:19-20)

Martes • San Pedro at San Pablo • Gaw 12:1-11 • 2 Tim 4:6-8.17-18 • Mt 16:13-19

Sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot sa langit." (Mt 16:19)

Miyerkules • Mga Unang Martir ng Simbahan ng Roma • Am 5:14-15.21-24 • Mt 8:28-34 o Mt 24:4-13

Kaya't lumabas ang buong bayan upang salubungin si Hesus. Pagkakita sa kanya, ipinamanhik nilang siya'y umalis sa kanilang lupain. (Mt 8:34)

Huwebes • Am 7:10-17 • Mt 9:1-8

"Patutunayan ko sa inyo na dito sa lupa ang Anak ng Tao'y may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan." At sinabi niya sa paralitiko, 'Tumindig ka, dalhin mo ang iyong higaan, at umuwi ka!' Tumindig nga ang lalaki at umuwi. Nang makita ito ng mga tao, sila'y natakot at nagpuri sa Diyos na nagbigay ng ganitong kapangyarihan sa mga tao." (Mt 9:6-8)

Biyernes • Am 8:4-6.9-12 • Mt 9:9-13

Narinig ito ni Hesus at siya ang sumagot, "Ang mga maysakit ang nangangailangan ng manggagamot, hindi ang walang sakit. Humayo kayo at unawain ninyo ang kahulugan nito, 'Habag ang ibig ko at hindi hain.' Sapagkat naparito ako upang tawagin ang mga makasalanan, hindi ang mga banal." (Mt 9:12-13)

Sabado • Ef 2:19-22 • Jn 20:24-29

"Samakatuwid, hindi na kayo dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kababayan na ng mga hinirang ng Diyos at kabilang sa kanyang sambahayan. Tulad ng isang gusali, kayo'y itinayo sa pundasyong inilagay ng mga apostol at mga propeta, na ang batong panulukan ay si Kristo Hesus." (Ef 2:19-20)